

KAGAMITAN SA PAGTUTURO SA PAMILYA



Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa <https://www.shepherdsglobal.org/courses>

Copyright © 2023 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

Mga Tanong at Sagot para sa Maliliit na Bata

Manunulat: Johnathan Arnold

Mula sa aklat ni Johnathan Arnold, *Holy Joys Kids' Catechism*, 2022. Para sa print edition ng katekismo na ito na may magagandang ilustrasyon, bisitahin ang holyjoys.org/shop. Ginamit nang may pahintulot.

Mga Tanong at Sagot para sa Mga Bata

Mga Manunulat: Dr. Matt Friedman at Dr. Ray Easley

Mula sa aklat ni Dr. Matt Friedeman, *Discipleship in the Home*, (Wilmore: Francis Asbury Society, 2010), pp. 125-143. Ginamit nang may pahintulot, may mga maliliit na pagbabago mula sa 126 hanggang sa 116 na mga tanong.

Mga Prinsipyo na mula sa aklat ng Kawikaan

Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Pahayag tungkol sa pahintulot:

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

Nilalaman

Ang Panalangin ng mga Apostol 7

Ang Panalangin ng Panginoon 7

Bahagi 1 Introduksyon..... 9

Mga Tanong at Sagot para sa Maliliit na Bata 11

Mga Tanong at Sagot para sa Mga Bata 17

Bahagi 2 Introduksyon..... 33

Mga Prinsipyo na mula sa aklat ng Kawikaan 35

BAHAGI 1

Ang Panalangin ng mga Apostol

Ako ay sumasampalataya sa Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat,
Tagapaglikha ng langit at lupa;

Naniniwala ako kay Jesu-Cristo, ang kanyang bugtong na Anak, aming Panginoon.
Na nabuo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at isinilang mula sa Birheng Maria.
Siya'y nagdusa sa ilalim ni Poncio Pilato,
naipako, namatay, at inilibing.

Bumaba siya sa impiyerno.

Sa ikatlong araw, siya'y muling nabuhay mula sa mga patay.

Umakyat siya sa langit

at naupo sa kanan ng Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat;

mula roon siya'y darating upang hatulan ang mga buhay at mga patay.

Ako ay sumasampalataya sa Banal na Espiritu,

sa banal na simbahang katoliko*,

sa pagkakaisa ng mga santo,

sa pagpapatawad ng mga kasalanan,

sa muling pagkabuhay ng katawan,

at sa buhay na walang-hanggan. Amen.

*Ito ay ang tunay na Kristiyanong simbahan sa lahat ng panahon at sa lahat ng dako.

Ang Panalangin ng Panginoon

Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo.

Dumating nawa ang kaharian mo.

Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa.

Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw.

At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin.

At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama.

Sapagkat iyo ang kaharian, ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman.

Amen.

- Mateo 6:9-13

Bahagi 1 Introduksyon

Pagtuturo gamit ang mga Tanong at Sagot

Ang pagtatanong at pagbibigay ng maiikli't simpleng sagot ay isang epektibong paraan ng pagtuturo na ilang siglo nang ginagamit.

Ang mga tanong at sagot sa aklat na ito ay nagpapakilala ng mga pangunahing pananampalatayang Kristiyano.

Ang **Materyal 1** ay kapaki-pakinabang para sa pagtuturo sa mga maliliit na bata. Ito ay nagbibigay ng matatag na pundasyon para sa mas malalim na pagtuturo habang sila ay lumalaki.

Ang **Materyal 2** ay kapaki-pakinabang para sa pagtuturo sa mga bata at mga bagong kristiyano. Ang mga ibinigay na sagot ay maikling paliwanag na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-uusap at pag-aaral. Ang pagtuturong ito ay parang ang skeleton ng isang bahay: Hindi ito kumpleto sa kanyang sarili, ngunit nagbibigay ito ng istraktura kung saan maaaring itayo ang mga detalye ng pananampalatayang Kristiyano.

Paano Gamitin ang mga Materyal na ito bilang isang Pamilya

Para magamit ng wasto ang alinman sa mga sangguniang ito, ang mga sagot sa bawat tanong ay dapat isaulo nang eksaktong gaya ng nakasulat. Ang mga sagot ay hindi dapat nakabuod o ibahin ang pagkakasulat. Sa halip, ang eksaktong mga salita ang dapat bigkasin. Ang pagsasaulo ng eksaktong mga salita ay nakakatulong sa pangmatagalang memorya at tumutulong sa mga mag-aaral na maging tumpak.

Maglaan ng 10 minuto bawat araw para suriin ang mga tanong at sagot mula sa aklat na ito. Para sa ibang mga pamilya, ang oras ng pagkain, kung saan lahat ay naroroon, ang pinakamabuting oras para mag-aral.

Tanging ang taong nangunguna sa oras ng pagtuturo ang dapat humawak ng aklat na ito. Dapat basahin ng lider ang tanong at pagkatapos ay sabihin ang sagot habang ang iba ay nakikinig, pagkatapos ay sabay-sabay itong bibigkasin.

Ulitin ang pagbabasa ng tanong at sagot, at sabihin sa mga bata na bigkasin rin nila ang mga ito. Dapat ituloy ng matatanda ang paulit-ulit na pagsasabi ng tanong. Sa paglipas ng mga araw, paunti-unting (sa loob ng ilang araw) tigilan ng matanda ang pagsasabi ng sagot habang isinasaulo na ng bata ang mga salita at kaya na itong sabihin nang hindi tinutulungan. Ang matanda ang magtatanong, ang bata ang sasagot—ito ang esensiya ng pag-aaral sa pamamagitan ng tanong at sagot.

Karagdagang mga Tagubilin para sa Materyal 2

Idagdag ang bawat bagong tanong kapag halos lahat ay malapit nang maisaulo ang nakaraang sagot.

Patuloy na isa-isahin ang nasa listahan, palaging suriin, suriin, suriin, unti-unting dagdagan ang mga tanong kapag naisaulo na ang karamihan ng mga salita mula sa huling tanong at sagot.

Kapag ang buong seksyon ng mga tanong ay maaari nang sabihing magkakasama, ulitin ang buong seksyon isang beses kada linggo upang mailipat ang mga sagot, mula sa short-term memory patungong long-term memory.

Unti-unting dagdagan ng mga bagong item at patuloy na ulitin—ang dalawang paraang ito ay magreresulta sa kahanga-hangang mga resulta sa mga mag-aaral na kaunting oras lang na sinusunod ang pangunguna ng isang interested na guro, kaibigan, o magulang. Gawing masaya ang sesyon ng pag-aaral at ipagdiwang ang tagumpay ng mag-aaral.

Pwede mong isama ang mga tanong at sagot bilang bahagi ng araw-araw na pagsamba ng pamilya. Pwede mo itong gamitin sa mga serbisyo sa simbahan para sa mga bata, na may mga kompetisyon sa pagitan ng mga grupo ng mga bata. Pwede ka ring gumawa ng karagdagang paliwanag at ilustrasyon upang tulungan ang mga mag-aaral na makaunawa.

Isang Plano ng Pagsamba ng Pamilya

Maraming paraan upang magkaroon ng pagsamba ng pamilya na magkasama. Ito ang isang posibleng pagkakasunod-sunod ng pagsamba ng pamilya kung saan maaaring gamitin ang mga materyal na ito:

1. Kumanta ng isang himno.
2. Bigkasin **Ang Panalangin ng mga Apostol**.
3. Magsaulo ng isang bahagi ng mga **tanong at sagot**.
4. Basahin ang isang kabanata o seksyon sa Biblia.*
5. Magdasal, humingi ng mga kahilingan sa panalangin.**
6. Tapusin ito sa **Ang Panalangin ng Panginoon**.

* Simulan sa pagbabasa ng mga Ebanghelyo ni Mateo, Marcos, Lucas, at Juan. Maaaring gumamit ng isang respetadong Biblia ng mga Bata.

** Maaaring sabihin, "Paano kami makakapagdasal para sa iyo?" at "Paano kami makakapagdasal para sa iba?"

Materyal 1

Mga Tanong at Sagot para sa Maliliit na Bata

Mga Unang Tanong

1. Sino ang nagmamahal sa iyo nang higit pa kaysa sa iyong Nanay at Tatay?

Sagot: Diyos.

2. Bakit ka nilikha ng Diyos?

Sagot: Upang maging masaya.

3. Paano ka magiging masaya?

Sagot: Sa pamamagitan ng pagmamahal sa Diyos.

4. Mayroon bang makapagpasaya sa iyo magpakailanman?

Sagot: Wala na.

Diyos

5. Ilan ang diyos?

Sagot: Isa.

6. Ilan ang katauhan ng Diyos?

Sagot: Tatlo.

7. Sino ang unang katauhan ng Diyos?

Sagot: Ang Ama.

8. Sino ang pangalawang katauhan ng Diyos?

Sagot: Ang Anak.

9. Sino ang pangatlong katauhan ng Diyos?

Sagot: Ang Banal na Espiritu.

Paglikha

10. Sino ang gumawa ng lahat ng bagay?

Sagot: Diyos Ama.

11. Sino ang ginamit ng Diyos upang likhain ang lahat ng bagay?

Sagot: Ang Anak at ang Espiritu.

12. Paano nagawa ng Diyos ang lahat ng bagay?

Sagot: Siya ay Makapangyarihan.

Sangkatauhan

13. Paano ka nilikha ng Diyos?

Sagot: Sa kanyang imahe.

14. Paano nito napapagaan ang loob mo?

Sagot: Ako ay mahalaga sa Diyos.

15. Dahil lahat ay nilikha sa imahe ng Diyos, paano natin sila dapat tratuhin?

Sagot: Nang may kabaitan at respeto.

Kasalanan

16. Sino ang unang lalaki at babae?

Sagot: Si Adan at Eva.

17. Ano ang ginawa nina Adan at Eva?

Sagot: Sila ay nagkasala.

18. Ano ang kasalanan?

Sagot: Ang pagsuway sa Diyos.

19. Ano ang bunga ng kasalanan?

Sagot: Kamatayan.

Pagkakabuhay muli

20. Sino ang ipinadala ng Diyos upang iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan?

Sagot: Sa kanyang bugtong na Anak.

21. Sino ang Anak ng Diyos?

Sagot: Si Jesu-Cristo.

22. Sino ang ina ni Jesus?

Sagot: Ang Birheng Maria.

23. Sino ang nagbigay kay Maria ng sanggol na si Jesus?

Sagot: Ang Banal na Espiritu.

Pagbabayad-sala

24. Paano namatay si Jesus?

Sagot: Siya ay ipinako sa krus.

25. Bakit namatay si Jesus?

Sagot: Dahil sa ating mga kasalanan.

26. Anong nangyari sa ikatlong araw?

Sagot: Siya ay muling nabuhay.

27. Dahil namatay at muling nabuhay si Jesus, ano ang ating pinaniniwalaan?

Sagot: Siya ang Panginoon.

Kaligtasan

28. Saan nagpunta si Jesus?

Sagot: Sa kanyang Ama sa langit.

29. Ano ang ginagawa ni Jesus ngayon?

Sagot: Naghahari bilang hari.

30. Bakit darating muli si Jesus?

Sagot: Upang hatulan ang lahat ng tao.

31. Ano ang dapat mong gawin upang maligtas?

Manampalataya kay Jesus.

32. Ano ang dapat mong gawin kapag nagkasala ka?

Sagot: Humingi ng tawad sa Diyos.

Banal na Espiritu at Simbahan

33. Sino pa ang isinugo ng Diyos upang iligtas tayo?

Sagot: Ang Banal na Espiritu.

34. Ano ang ginagawa ng Banal na Espiritu para sa iyo?

Sagot: Tinutulungan niya ako.

35. Paano ka tinutulungan ng Banal na Espiritu?

Sagot: Sa pamamagitan ng Simbahan.

36. Ano ang Simbahan?

Sagot: Ang pamilya ng Diyos.

37. Paano ka sumasapi sa Simbahan?

Sagot: Sa pamamagitan ng bautismo.

Kaginhawahan

38. Kailangan mo bang matakot?
Sagot: Hindi.
39. Bakit hindi mo kailangang matakot?
Sagot: Dahil kasama ko ang Diyos.
40. Nakikita mo ba ang Diyos?
Sagot: Hindi.
41. Nakikita ka ba ng Diyos?
Sagot: Oo.

Pagpapakabanal

42. Sino ang gusto ng Diyos na maging katulad mo?
Sagot: Si Jesus.
43. Ano ang kalooban ng Diyos para sa iyo sa unang apat na utos?
Sagot: Ang mahalín ang Diyos.
44. Ano ang kalooban ng Diyos para sa iyo sa huling anim na utos?
Sagot: Mahalín ang aking kapwa.
45. Sino ang nais ng Diyos na sundin mo?
Sagot: Si Nanay at Tatay.
46. Ano ang panalangin?
Sagot: Pakikipag-usap sa Diyos.
47. Ano ang itinuro sa atin ni Jesus na dasal natin?
Sagot: Ang Panalangin ng Panginoon.
48. Paano nakikipag-usap sa iyo ang Diyos?
Sagot: Sa pamamagitan ng Biblia.
49. Ano ang Biblia?
Sagot: Salita ng Diyos.

Huling mga Bagay

50. Ano ang bagong ginagawa ng Diyos?

Sagot: Lahat ng bagay.

51. Ano ang ibabangon ng Diyos mula sa mga patay?

Sagot: Ang ating mga katawan.

52. Ano ang ating tinatamasa ngayon at inaasahan nating tamasahin magpakailanman?

Sagot: Buhay na Walang-Hanggan.

Ang Sampung Utos (Pinaikli)

Ako ang Panginoon mong Diyos, na nagligtas sa iyo.

1. Ikaw ay hindi dapat magkaroon ng ibang diyos bago sa akin.
2. Huwag kang gumawa ng idolo.
3. Huwag mong isusumpa ang pangalan ng Panginoon mong Diyos.
4. Alalahanin mo ang araw ng pamamahinga at ituring ito na banal.
5. Igalang mo ang iyong ama at ina.
6. Huwag kang papatay.
7. Huwag kang mangangalunya.
8. Huwag kang magnanakaw.
9. Huwag kang magsisinungaling.
10. Huwag kang mag-aasam ng hindi sa iyo.

Materyal 2

Mga Tanong at Sagot para sa Mga Bata

Mga Tanong Tungkol sa Biblia

1. Saan natin matututunan kung paano magmahal at sumunod sa Diyos?
Sagot: Sa Biblia.
2. Ano ang Biblia?
Sagot: 66 mga aklat na binigyang-inspirasyon ng Diyos na nagtuturo sa atin tungkol sa Diyos at kung paano tayo magiging banal tulad ng kanyang pagkabanal.
3. Sino ang sumulat ng Biblia?
Sagot: Mahigit 40 katao ang ginabayan at binigyan ng inspirasyon ng Diyos sa loob ng mahigit 1,600 taon.
4. Pangalanan ang limang aklat sa Biblia na tinatawag na Batas.
Sagot: Genesis, Exodo, Levitico, Bilang, Deuteronomio.
5. Ano ang mensahe ng Batas?
Sagot: Ang Diyos ay banal, at nais niyang tayo ay maging katulad niya.
6. Banggitin ang mga aklat sa Kasaysayan ng Lumang Tipan.
Sagot: Josue, Hukom, Ruth, 1 at 2 Samuel, 1 at 2 Hari, 1 at 2 Cronica, Ezra, Nehemias, Ester.
7. Ano ang mensahe ng mga aklat sa kasaysayan?
Sagot: Mabuti ang dumadating kapag sinusunod natin ang Diyos nang buong puso. Masama ang dumadating kapag hindi natin ginagawa ito.
8. Pangalanan ang mga aklat ng tula sa Lumang Tipan.
Sagot: Job, Mga Awit, Kawikaan, Mangangaral, Awit ni Solomon.
9. Ano ang mensahe ng mga aklat ng tula?
Sagot: Tayo ay pinagpapala kapag hinahanap natin ang Diyos sa lahat ng sitwasyon.
10. Pangalanan ang mga aklat ng mga pangunahing propeta sa Lumang Tipan.
Sagot: Isaias, Jeremias, Mga Panaghoy, Ezekiel, Daniel.

11. Pangalanan ang mga aklat ng mga propetang minority sa Lumang Tipan.
Sagot: Osea, Joel, Amos, Abdias, Jonas, Mikas, Nahum, Abakuk, Sofonias, Hagai, Zacarias, Malakias.
12. Bakit sila tinawag na "minority" na mga propeta?
Sagot: Mas maikli ang mga aklat nila kaysa sa mga pangunahing propeta.
13. Ano ang mensahe ng mga propeta?
Sagot: Bumalik sa batas at pag-ibig ng Diyos.
14. Pangalanan ang mga Ebanghelyo sa Bagong Tipan.
Sagot: Mateo, Marcos, Lucas, at Juan.
15. Ano ang mensahe ng mga Ebanghelyo?
Sagot: Si Jesus ay dumating, namuhay, namatay, at muling nabuhay para sa atin.
16. Pangalanan ang aklat na nagsasaad tungkol sa kasaysayan ng maagang simbahan pagkatapos ng muling pagkabuhay ni Jesus.
Sagot: Gawa.
17. Ano ang mensahe ng Gawa?
Sagot: Ang Banal na Espiritu ay dumating sa iglesia, at kumalat ang Salita ng Diyos.
18. Pangalanan ang mga liham ni Pablo.
Sagot: Roma, 1 at 2 Corinto, Galacia, Efeso, Filipos, Colosas, 1 at 2 Tesalonica, 1 at 2 Timoteo, Tito, Filemon.
19. Ano ang mensahe ng mga liham ni Pablo?
Sagot: Mabuhay sa biyaya ng Diyos at sa kanyang katuwiran.
20. Pangalanan ang mga Pangkalahatang Sulat.
Sagot: Hebreo, Santiago, 1 at 2 Pedro, 1 at 2 at 3 Juan, at Juda.
21. Ano ang mensahe ng mga Pangkalahatang Sulat?
Sagot: Paano mabuhay sa mundo bilang mga tao ng Diyos.
22. Pangalanan ang huling aklat sa Biblia.
Sagot: Apocalipsis.

23. Ano ang mensahe ng Apocalipsis?

Sagot: Si Jesus ang Hari ng mga hari at malapit na siyang darating para sa kanyang matagumpay na iglesia.

24. Pangalanan ang lahat ng 66 aklat ng Biblia.

Sagot:

Lumang Tipan

Genesis, Exodo, Levitico, Bilang, Deuteronomio,
Josue, Hukom, Ruth, 1 Samuel, 2 Samuel,
1 Hari, 2 Hari, 1 Cronica, 2 Cronica, Ezra, Nehemias, Ester,
Job, Mga Awit, Kawikaan, Mangangaral, Awit ni Solomon,
Isaias, Jeremias, Mga Panaghoy, Ezekiel, Daniel
Hosea, Joel, Amos, Obadiah, Jonas, Micah, Nahum,
Habakkuk, Zephaniah, Haggai, Zechariah, Malachi

Bagong Tipan

Mateo, Marcos, Lucas, Juan, Gawa, Roma, 1 at 2 Corinto,
Galacia, Efeso, Filipos, Colosas,
1 at 2 Tesalonica, 1 at 2 Timoteo, Tito,
Filemon, Hebreo, Santiago, 1 at 2 Pedro,
1 at 2 at 3 Juan, Juda, Apocalipsis

25. Ano ang mensahe ng 66 na aklat na ito na binigyang-inspirasyon ng Diyos?

Sagot: Itinuturo nila sa atin ang tungkol sa Diyos at kung paano tayo maging banal tulad ng kanyang kabanal-bananan; kung paano tayo maliligtas at magiging katulad ni Jesu Cristo.¹

Mga Tanong Tungkol sa Sampung Utos

26. Ano ang utos ng Diyos?

Sagot: Isang larawan kung sino ang Diyos at pangako kung ano ang maaari nating makamit.

27. Saan matatagpuan sa Biblia ang Sampung Utos?

Sagot: Sa Exodo 20:1-17.

28. Ano ang Sampung Utos?

Sagot: Mga utos na ibinigay sa bayan ng Diyos sa Bundok Sinai.

¹ Ang pariralang "kung paano tayo maliligtas at magiging katulad ni Jesu-Cristo" ay idinagdag sa orihinal na sagot.

29. Sino ang nagbigay ng Sampung Utos?
Sagot: Diyos.
30. Sino ang tumanggap ng Sampung Utos?
Sagot: Si Moses.
31. Ang unang utos ay "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga diyos sa harap ko." Ano ang ibig sabihin ng utos na ito?
Sagot: Dapat nating unahin lagi Diyos.
32. Ang ikalawang utos ay "Huwag kang gagawa para sa iyong sarili ng inukit na larawan..." Ano ang ibig sabihin ng utos na ito?
Sagot: Mali ang sumamba sa anumang bagay maliban sa Diyos.
33. Ang ikatlong utos ay "Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Diyos sa walang kabuluhan..." Ano ang ibig sabihin ng utos na ito?
Sagot: Dapat nating igalang ang pangalan ng Diyos.
34. Ang ikaapat na utos ay "Alalahanin mo ang araw ng Sabbath, upang ingatan itong banal." Ano ang ibig sabihin ng utos na ito?
Sagot: Tuwing Linggo, dapat tayong sumamba sa Diyos at magpahinga.
35. Ang ikalimang utos ay "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina..." Ano ang ibig sabihin ng utos na ito?
Sagot: Dapat nating mahalín at sundin ang ating mga magulang.
36. Ang ikaanim na utos ay "Huwag kang papatay." Ano ang ibig sabihin ng utos na ito?
Sagot: Hindi dapat tayo pumaslang ng ibang tao nang labag sa batas.
37. Ang ikapitong utos ay "Huwag kang mangangalunya." Ano ang ibig sabihin ng utos na ito?
Sagot: Ang sex ay para lamang sa mag-asawa.
38. Ang ikawalong utos ay "Huwag kang magnanakaw." Ano ang ibig sabihin ng utos na ito?
Sagot: Hindi natin dapat kunin ang mga bagay na hindi sa atin.
39. Ang ikasiyam na utos ay "Huwag kang magiging sinungaling na saksi laban sa iyong kapwa." Ano ang ibig sabihin ng utos na ito?
Sagot: Dapat lagi tayong magsabi ng totoo.

40. Ang ikasampung utos ay "Huwag mong iimbutin..." Ano ang ibig sabihin ng utos na ito?

Sagot: Dapat tayong makuntento sa mga bagay na ibinigay sa atin ng Diyos.

41. Ano ang sinabi ni Jesus na dalawang pinakamahalagang utos?

Sagot: Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo, nang buong pag-iisip mo, at nang buong lakas mo. Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili.

42. Bakit mahalaga sa atin ang lahat ng utos na ito?

Sagot: Inilalarawan nito ang buhay na ninanais ng ating banal na Diyos para sa atin.

Karagdagang tanong: Gumawa ng sipi ng buong teksto ng Sampung Utos gaya ng nasa Exodo 20:1-17.

Mga Tanong Tungkol sa Panalangin ng Panginoon

43. Sino ang unang nagdasal ng Panalangin ng Panginoon?

Sagot: Si Jesus, nang tinuruan niya ang kanyang labindalawang alagad kung paano magdasal.

44. Saang bahagi ng Biblia matatagpuan ang Panalangin ng Panginoon?

Sagot: Sa Mateo 6:9-13.

45. Ano ang mga salita ng Panalangin ng Panginoon?

Sagot:

Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo.

Dumating nawa ang kaharian mo.

Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa.

Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw.

At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin.

At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama.

Sapagkat iyo ang kaharian, ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman.

Amen.

46. Ano ang ibig sabihin nito: "sambahin nawa ang pangalan mo"?

Sagot: Nais nating igalang at mahalín ang ating banal na Diyos.

47. Ano ang ibig sabihin nito: "Dumating nawa ang kaharian mo"?
- Sagot: Ang Diyos ang ating Hari. Nais nating malaman ito ng lahat sa mundo.
48. Ano ang ibig sabihin nito: "Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa"?
- Sagot: Gusto natin ang lahat na gusto ng Diyos.
49. Ano ang ibig sabihin nito: "Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw"?
- Sagot: Hinihiling natin sa Diyos na punan ang lahat ng ating pangangailangan.
50. Ano ang ibig sabihin nito: "Patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin"?
- Sagot: Hinihiling natin sa Diyos na patawarin tayo tulad ng pagpapatawad natin sa iba.
51. Ano ang ibig sabihin nito: "Huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama"?
- Sagot: Hinihiling natin sa Diyos na protektahan tayo mula sa lahat ng kasalanan.
52. Ano ang ibig sabihin nito: "Sapagkat iyo ang kaharian, ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman"?
- Sagot: Ang Diyos ang Makapangyarihan na Hari na namamahala sa langit at lupa magpakailanman.
53. Bakit mahalaga ang Panalangin ng Panginoon?
- Sagot: Ito ay tumutulong sa atin na magpokus sa Diyos bilang ating banal na Ama.

Mga Tanong sa Beatitudes

54. Ano ang Beatitudes?
- Sagot: Ang itinuro ni Jesus tungkol sa banal na pag-uugali.
55. Saang bahagi matatagpuan ang Beatitudes?
- Sagot: Sa Mateo 5:3-10.
56. Banggitin ang Beatitudes.
- Sagot:
- Mapapalad ang mga dukha sa espiritu, sapagkat kanila ang kaharian ng langit.
- Mapapalad ang mga nahahapis, sapagkat sila ay aaliwin.
- Mapapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang lupa.

Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin.

Mapapalad ang mga mahabagin, sapagkat sila'y kahahabagan.

Mapapalad ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos.

Mapapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos.

Mapapalad ang mga inuusig dahil sa katuwiran, sapagkat kanila ang kaharian ng langit.

57. Ano ang ibig sabihin ng dukha sa espiritu?

Sagot: Ang pag-amin na ikaw ay nagkasala at kailangan mo ang tulong ng Diyos.

58. Ano ang ibig sabihin ng nahahapis?

Sagot: Ang pagiging malungkot dahil sa mga bagay na nagpapalungkot sa Diyos.

59. Ano ang ibig sabihin ng mapagpakumbaba?

Sagot: Ang pagbibigay sa Diyos ng kontrol sa iyong buhay.

60. Ano ang ibig sabihin ng nagugutom at nauuhaw sa katuwiran?

Sagot: Ang tunay na pagnanais ng mga pamantayan ng Diyos para sa iyong buhay.

61. Ano ang ibig sabihin ng mahabagin?

Sagot: Ang pagkakaroon ng habag sa lahat ng tao.

62. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng malinis na puso?

Sagot: Ang mahalina ang Diyos nang buong puso.

63. Ano ang ibig sabihin ng mapagpayapa?

Sagot: Ang pagtulong sa mga tao na maging kaibigan ng Diyos at ng isa't isa.

64. Ano ang ibig sabihin ng inuusig dahil sa katuwiran?

Sagot: Ang masayang pagdurusa para sa kaharian ng Diyos.

Mga Tanong Tungkol sa Diyos

65. Ilan ang diyos?

Sagot: Mayroong iisang Diyos lamang.

66. Ilan ang katauhan ng nag-iisang Diyos?

Sagot: Tatlo—Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo.

67. Anong salita ang pinakamabuting naglalarawan sa Diyos?

Sagot: Ang Diyos ay banal.

68. Gaano katanda ang Diyos?

Sagot: Ang Diyos ay walang-hanggan. Siya ay palaging. Siya ay palaging magiging.

69. Saan matatagpuan ang Diyos?

Sagot: Ang Diyos ay naroroon sa lahat ng dako kung saan niya naisin.

70. Ano ang kayang gawin ng Diyos?

Sagot: Ang Diyos ay kayang gawin ang anumang kanyang naisin.

71. Ano ang alam ng Diyos?

Sagot: Alam ng Diyos ang lahat ng kanyang nais malaman.

72. May mas makapangyarihan pa ba sa Diyos?

Sagot: Wala na.

73. Ang Diyos ay Tagapaglikha. Ano ang kanyang nilikha?

Sagot: Lahat.

74. Bakit ka nilikha ng Diyos?

Sagot: Upang mahal in ako at masiyahan siya sa akin.

Mga Tanong Tungkol sa Katauhan, Kasalanan, Kaligtasan

75. Ano ang mga kalalakihan at kababaihan?

Sagot: Mga tao na maaaring kilalanin at mahal in ang Diyos.

76. Sino ang mga unang magulang natin?

Sagot: Si Adan at si Eva.

77. Bakit naiiba sina Adan at Eva sa lahat ng hayop?

Sagot: Si Adan at si Eva ay may kaluluwa; ang mga hayop ay wala.

78. Mayroon ka bang kaluluwa?

Sagot: Oo, mayroon akong kaluluwa na hindi mamamatay.

79. Ano ang kasalanan?

Sagot: Ito ay (pangunahing) pagsuway sa kilalang kautusan ng Diyos.

80. Ano ang nagagawa ng kasalanan?

Sagot: Ito ay nagdudulot ng pinsala sa ating mapagmahal na relasyon sa Diyos.

81. Sino ang unang nagkasala?

Sagot: Si Adan at si Eva.

82. Ano ang maling ginawa ni Adan at Eva?

Sagot: Sila ay kumain ng prutas na ipinagbawal ng Diyos at pinutol ang kanilang ugnayan sa kanya.

83. Sino ang nag-udyok kay Adan at Eva na magkasala?

Sagot: Ang Diyablo.

84. Paano tayo naapektuhan ng kasalanan na iyon?

Sagot: Si Adan at si Eva ay nagpasa ng kasalanan sa lahat ng tao; tayong lahat ay ipinanganak na makasalanan.

85. Ano ang nararapat para sa mga makasalanan?

Sagot: Ang parusa ng Diyos at kamatayan.

86. Puwede bang pumasok sa langit bilang mga (intensyonal) na makasalanan?

Sagot: Wala na.

87. Kung hindi tayo papasok sa langit pagkamatay natin, saan tayo pupunta?

Sagot: Sa impiyerno.

88. Ano ang kaligtasan?

Sagot: Ang pagpapatawad sa ating mga kasalanan (sa pamamagitan ng pananampalataya sa kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay-muli ni Jesus para sa atin) at pagmamahal sa Diyos.

89. Bakit natin kailangan ang kaligtasan?

Sagot: Tayong lahat ay makasalanan.

90. Ano ang kinakailangan para sa kaligtasan?

Sagot: Sa biyaya tayo'y naililigtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo.

91. May iba bang paraan para maligtas?

Sagot: Wala, tayo'y maliligtas lamang sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus.

92. Kapag tayo'y nailigtas mula sa ating kasalanan, ano ang mangyayari?

Sagot: Minamahal natin ang Diyos at ang ating kapwa at lumalago ang ating pagnanais na pasayahin siya.

Mga Tanong Tungkol kay Jesus

93. Sino si Jesus?

Sagot: Si Jesus ay Diyos na naging tao, ang ating Tagapagligtas.

94. Ano ang isang Tagapagligtas?

Sagot: Siya lamang ang nagliligtas sa atin mula sa ating kasalanan.

95. Si Jesus ba ay tao o Diyos?

Sagot: Siya'y perpektong tao at perpektong Diyos.

96. Ano ang espesyal tungkol sa pagkapanganak ni Jesus?

Sagot: Siya ay ipinanganak ng birheng si Maria sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

97. Ano ang ginawa ni Jesus noong siya'y nabuhay ng halos 2,000 taon na ang nakalilipas?

Sagot: Tinuruan niya ang kanyang mga alagad, inalagaan ang mga dukha, at namatay siya sa krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

98. Ano ang ibig sabihin ng pagbabayad para sa ating mga kasalanan?

Sagot: Ito ay nangangahulugan na inako ni Jesus ang parusang nararapat nating matanggap sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay sa krus upang magkaroon tayo ng relasyon sa Diyos.

99. Ano ang nangyari pagkatapos mamatay ni Jesus?

Sagot: Matapos mailibing, siya'y muling nabuhay at nagtagumpay laban sa kamatayan.

Mga Tanong Tungkol sa Banal na Espiritu

100. Sino ang Banal na Espiritu?

Sagot: Siya ang ikatlong persona ng Diyos sa Trinidad.

101. Kailan dumating ang Banal na Espiritu gaya ng ipinangako ni Jesus?

Sagot: Sa pista ng mga Judio na Pentecostes, 50 araw pagkatapos ng pagkabuhay ni Jesus.

102. Ano ang Pentecostes?

Sagot: Ang kaarawan ng simbahan, nang punuin ng Banal na Espiritu ang mga mananampalataya ni Jesus.

103. Ano ang ginagawa ng Banal na Espiritu sa ating mga panahon?

Sagot: Ginagawa niyang banal ang mga mananampalataya.

104. Paano ginagampanan ng Banal na Espiritu ang pagpapabanal ng mga tao?

Sagot: Binabago niya at nililinis ang mga tao mula sa kasalanan, nagtuturo at gumagabay, nagbibigay ng espirituwal na kapangyarihan, at nagbibigay ng mga espirituwal na kaloob at bunga ng Espiritu.

105. Ano ang bunga ng Espiritu?

Sagot: Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili.

106. Ano ang isang kaloob ng Espiritu?

Sagot: Isang kakayahan na ibinibigay sa atin ng Banal na Espiritu upang tumulong sa pagtupad ng Dakilang Komisyon.

107. Ano ang Dakilang Komisyon?

Sagot: Mga tagubilin ni Jesus sa kanyang mga alagad na magpunta at magturo ng mga alagad sa lahat ng bansa, binyagan sila, at turuan na sumunod sa kanyang mga aral.

108. Ano ang patotoo ng Espiritu?

Sagot: Isang malalim na kaalaman na ang ating pananampalataya ay kalugod-lugod sa Diyos.

109. Paano ako matutulungan ng Banal na Espiritu?

Sagot: Siya ay makakatulong sa akin na mahalín ang Diyos at ang kanyang kalooban nang buong puso.

110. Ano ang ibig sabihin ng pagiging "perpektong" Kristiyano?²

Sagot: Ang magmahal sa Diyos nang buong puso, kaluluwa, at lakas.

² Ang tanong na ito ay Tanong 119 sa orihinal na manwal.

Mga Tanong Tungkol sa mga Huling Bagay

111. Balang-araw, darating ba ulit si Jesus sa personal at makikita siya?

Sagot: Oo.

112. Bakit darating si Jesus muli?

Sagot: Upang tanggapin ang kanyang simbahan sa kanyang sarili.

113. Kailan mangyayari ito?

Sagot: Hindi natin alam kung kailan, kaya't dapat tayong laging handa.

114. Paano tayo magiging handa?

Sagot: Mabuhay nang may mapagmahal na relasyon sa Diyos sa bawat sandali.

115. Ano ang mangyayari pagkatapos ng pagbabalik ni Jesus?

Sagot: Ang lahat ng tao ay huhusgahan, at si Satanas ay tuluyan nang matatalo.

116. Pagkatapos matalo si Satanas, ano ang mangyayari?

Sagot: Mamahalin natin ang Diyos at magiging masaya sa kanya magpakailanman.

Mga Bahagi ng Kasulatan na Isasaulo

- Exodo 19:3-6
- Exodo 20:1-17 - Ang Sampung Utos
- Deuteronomio 6:4-9
- Awit 1
- Awit 23
- Awit 24
- Awit 121
- Awit 139
- Mateo 7:21-27
- Mateo 28:18-20
- Juan 3:16-21
- 1 Corinto 13:1-13
- Galacia 5:16-25
- Efeso 6:10-17
- Filipos 2:5-11
- Hebreo 12:1-3
- 1 Pedro 2:9-12
- Apocalipsis 21:4-8

BAHAGI 2

Bahagi 2 Introduksyon

Layunin ng Materyal na ito

Ang material na ito ay nagbibigay ng mga prinsipyo sa buhay mula sa aklat ng Kawikaan para gamitin sa pamilya o paaralan o iba pang lugar ng pag-aaral. Ang materyal na ito ay hindi dinisenyo na ituro sa isang pagkakataon bilang isang aralin. Pinakamabuti na ituro at talakayin ang isa o dalawang prinsipyo bawat araw.

Paraan ng Pagtuturo

- (1) Dapat may magbasa ng mga berso na nauugnay sa prinsipyo. Kung marami ang berso, maaaring piliin ng magulang/guro kung alin ang gagamitin.
- (2) Dapat tiyakin ng magulang/guro na nauunawaan ng mga tagapakinig ang mga salita at mga pahayag ng mga berso.
- (3) Maaaring ibahagi ng magulang/guro ang prinsipyong nakabatay sa berso.
- (4) Ang magulang/guro at iba pa ay maaaring maglarawan ng mga sitwasyon sa buhay kung saan nalalapat ang prinsipyo.

Mga Konsepto sa Kawikaan

Ang *takot sa Diyos* ay isang mahalagang konsepto sa aklat ng Kawikaan. Ang wastong takot sa Diyos ay nangangahulugan ng pag-alam sa tatlong bagay: sino siya, kailangang sundin natin siya, at tayo ay huhusgahan sa pagsuway.

Ang *karunungan* ay isang pangunahing tema sa Kawikaan. Ang pagkakaroon ng *karunungan* ay ang pagtanggap at pagsunod sa mga pananaw at halaga ng Diyos. Nakikita ng Diyos ang mga bagay sa tunay nitong anyo, kaya't marunong tayo kapag naniniwala tayo sa sinasabi ng Diyos at sumusunod sa kanyang mga patnubay.

Dapat personal na mangako ang mga magulang at guro na susundin ang mga prinsipyo mula sa Kawikaan. Dapat nilang ipakita ang praktika ng mga prinsipyo sa kanilang mga buhay. Dapat nilang ituro ang mga prinsipyo sa kanilang mga anak at mga estudyante at maghanap sila ng mga paraan upang mailapat ang mga prinsipyo sa mga sitwasyon sa buhay.

Materyal 3

Mga Prinsipyo na mula sa aklat ng Kawikaan

1. Ang pag-aaral ng karunungan ng Diyos ang pinakamahalagang bagay na magagawa ko (Kawikaan 2:4-5, Kawikaan 4:5).
2. Hindi ko dapat paniwalaan ang lahat ng aking naririnig (Kawikaan 14:15).
3. Dapat kong sundin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng aking mga desisyon upang gabayan niya ako (Kawikaan 3:5-6).
4. Dapat kong pakinggan ang payo at karunungan ng aking ama at ina (Kawikaan 1:8).
5. Ang mabuting payo ay nagbibigay pagpapala sa aking buhay at nagpapahintulot sa akin na makatulong sa iba (Kawikaan 10:17).
6. Kapag binalewala ko ang mabuting aral, makakaranas ako ng sakuna (Kawikaan 13:18).
7. Ang mabuting pagtuturo ay tumutulong sa akin na umunlad at bumuti (Kawikaan 9:9).
8. Ayaw ng Diyos na ako ay maging marahas o mapanlinlang (Kawikaan 3:31-32).
9. Kailangan kong magkaroon ng tamang motibo sa aking puso (Kawikaan 4:23, Kawikaan 12:5).
10. Alam ng Diyos ang tunay na dahilan kung bakit ko ginagawa ang mga bagay na ginagawa ko. (Kawikaan 16:2).
11. Ako ay mangmang kung babalewalain ko ang kaalaman at pagtutuwid (Kawikaan 1:22, Kawikaan 12:1).
12. Ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay nagpoprotekta sa akin mula sa maraming kapahamakan (Kawikaan 1:33).
13. Ako ay maaaring lumaya mula sa takot sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Diyos (Kawikaan 3:25-26).
14. Dapat kong pagkatiwalaan ang Diyos sa halip na umasa sa aking pang-unawa at kakayahan (Kawikaan 3:7, Kawikaan 11:2, Kawikaan 12:15).
15. Hindi ko maaaring itago ang mga kasalanan magpakailanman (Kawikaan 10:9).
16. Ang mga tuntunin ng Diyos ay nagpoprotekta at tumutulong sa akin (Kawikaan 6:23-24).

17. Malakas ako kung makontrol ko ang aking mga pagnanasa at damdamin (Kawikaan 16:32, Kawikaan 25:28).
18. Kung magsasalita ako nang walang pag-iingat, ako ay magdudulot ng pinsala sa aking sarili at sa iba (Kawikaan 10:8, Kawikaan 10:21).
19. Dapat akong lumayo sa mga taong nagtutukso sa akin na gumawa ng masama (Kawikaan 1:10-15, Kawikaan 4:14-15, Kawikaan 14:7, 16).
20. Dapat kong piliin ang mga kaibigan na may katangiang nais kong mayroon sa akin (Kawikaan 13:20).
21. Nakikita ng Diyos ang lahat ng aking ginagawa (Kawikaan 5:21, Kawikaan 15:3).
22. Pinahahalagahan ako ng aking mga kaibigan kung ako ay tapat at mapagkakatiwalaan (Kawikaan 19:22).
23. Mas magandang makasama sa buhay ang mga taong mahal ko kaysa sa kasaganaan (Kawikaan 15:17).
24. Dapat akong maglaan ng sapat na oras upang maingat na suriin ang mga desisyon (Kawikaan 21:5, Kawikaan 19:2).
25. Kung ako ay marunong, mamahalin ko ang kaalaman, at magiging maingat ako (Kawikaan 8:12).
26. Dapat kong iwasan ang mga alak dahil nagdudulot ito ng masamang asal (Kawikaan 20:1).
27. Hindi ko dapat subukang maghiganti sa iba kundi dapat akong magtiwala na ang Diyos ang magdadala ng katarungan (Kawikaan 20:22).
28. Dapat kong subukang magkaroon ng kapayapaan sa halip na makipag-away sa iba (Kawikaan 3:30, Kawikaan 20:3, Kawikaan: 10:12).
29. Hindi ako dapat magsinungaling upang magpahamak ng iba (Kawikaan 30:10).
30. Kung ako ay mapagkakatiwalaan, hindi ko sasabihin ang mga sikreto para magdulot ng problema (Kawikaan 11:13, Kawikaan 20:19).
31. Kung ako ay may mabuting pagkatao, sasabihin ko ang katotohanan. (Kawikaan 13:5, Kawikaan 14:5).
32. Dapat akong mag-isip nang mabuti bago magsalita (Kawikaan 15:28).
33. Hindi ako dapat mabilis magpahayag ng kritisismo at makipagtalo sa iba (Kawikaan 11:12, Kawikaan 17:27).
34. Ako ay mangmang kung ako ay agad na magagalit (Kawikaan 12:16, Kawikaan 14:29).

35. Dapat akong mag-ingat upang ang aking mga salita ay magdulot ng pagpapala sa mga tao at hindi ng pinsala (Kawikaan 12:18, Kawikaan 12:25, Kawikaan 16:24, Kawikaan 18:21).
36. Dapat lagi akong magsabi ng totoo (Kawikaan 4:24, Kawikaan 12:17).
37. Dapat kong pakinggan ang mga katotohanan bago magbigay ng opinyon (Kawikaan 18:13).
38. Kung ako ay magsasalita nang labis, makakapagsabi ako ng mga kasalanan (Kawikaan 10:19).
39. Dapat kong bigyan ng espesyal na respeto ang matatanda (Kawikaan 16:31, Kawikaan 20:29).
40. Ang kabaitan at katotohanan ay magdadala sa akin ng pagpapala mula sa Diyos at ng respeto mula sa mga tao (Kawikaan 3:3-4).
41. Didisiplinahin ako ng Diyos kapag gumawa ako ng masama dahil mahal niya ako (Kawikaan 3:12).
42. Bago ako magdesisyon, dapat kong isipin ang mga ibubunga nito (Kawikaan 22:3).
43. Kung ako'y magkakasala, makakaranas ako ng masasakit na bunga (Kawikaan 6:27).
44. Kung ako'y tamad, makakaranas ako ng pangangailangan na tila ako ay ninakawan (Kawikaan 6:10-11, Kawikaan 19:15).
45. Hindi ako dapat maging tamad, dahil ang tamad ay katulad ng pagiging mapanira (Kawikaan 18:9).
46. Dapat kong pagsikapan at gamitin ang mga pagkakataon upang mapabuti ang aking kinabukasan (Kawikaan 6:6-8, Kawikaan 20:13).
47. Hindi ako dapat maging malupit sa mga hayop (Kawikaan 12:10).
48. Ang aking mga kilos nagbibigay sa akin ng reputasyon (Kawikaan 20:11).
49. Dapat kong planuhin ang pagtitiis at pagpupursige sa mga panahon ng paghihirap (Kawikaan 24:10).
50. Dapat handa akong magtrabaho sa tamang panahon para sa pinakamagandang resulta (Kawikaan 10:5, Kawikaan 20:4).
51. Ang katamaran ay nagdadala ng maraming problema sa buhay, ngunit ang aking trabaho ay nagdadala ng mga oportunidad (Kawikaan 15:19, Kawikaan 14:23).
52. Hindi ko dapat subukang kumita sa pamamagitan ng mga hindi tapat na gawain (Kawikaan 10:2, Kawikaan 11:18, Kawikaan 15:27).

53. Ako ay maaaring kumita ng pera sa pamamagitan ng pagtatrabaho at pag-iipon (Kawikaan 10:4, Kawikaan 12:11, Kawikaan 13:11, Kawikaan 21:20, Kawikaan 28:19).
54. Ang Diyos ay magbibigay para sa akin kung ako ay matuwid (Kawikaan 10:3).
55. Pagpapalain ng Diyos ang aking pera at ari-arian kung ako ay magbibigay sa Diyos (Kawikaan 3:9-10).
56. Dapat kong bayaran ang mga utang ko sa iba sa lalong madaling panahon (Kawikaan 3:27).
57. Dapat akong maging mapagbigay sa mga taong may pangangailangan (Kawikaan 11:24-25, Kawikaan 14:21, Kawikaan 19:17, Kawikaan 21:13).
58. Hindi nagbibigay sa akin ng kaligtasan ang aking pera, kundi ang aking pagkamatuwid (Kawikaan 2:7-8, Kawikaan 10:9, Kawikaan 10:25, Kawikaan 11:28).
59. Hindi ko dapat akuin ang utang ng ibang tao (Kawikaan 6:1-3, Kawikaan 17:18).